



Paalala Ukol sa Bakuna ng COVID-19



Mga gagawin para makapagpabakuna

1 Alamin ang tamang panahon sa pagpapabakuna

Sisimulang bigyan ng bakuna para sa COVID-19 ayon sa order ng mga sumusunod: Health care workers, matatanda, at mga taong may dinadalang malubhang sakit. Alamin kung kailan ka maaaring makapagpabakuna.

- ※ Hintayin ang paalala mula sa gobyerno. Tingnan at alamin sa website ng Ministry of Health, Labour and Welfare at ng lungsod ng Gifu.
- ※ Marahil matatagalan ng kaunti para mabigyan ng bakuna ang lahat. Pero huwag mag-alala dahil mabibigyan ng bakuna ang lahat ng gustong makapagpabakuna.

2 Maghanap ng paggamutan o vaccination center

Alamin ang mga paggamutan o vaccination center na nagbibigay ng bakuna sa Koho Gifu, website ng lungsod ng Gifu at internet.



- ※ Tawagan ang numero ng telepono ng call center na nakasulat sa ibaba kung sakaling hindi alam hanapin ang mga paggamutan at vaccinaton center na nagbibigay ng bakuna.
- ※ Ang bakuna ay matatanggap lamang sa lungsod kung saan legal na nakarehistro ang iyong tirahan maliban na lamang kung naka-admit sa ospital o nursing home.

3 Kumuha ng appointment at magpabakuna

Tumawag sa paggamutan o lungsod na gusto mong makapagpabakuna.



Mga Malapit na Designated Hospitals

Direktang kumuha ng appointment sa paggamutan (Telepono,internet,atbp)

Numero ng telepono ng lungsod ng Gifu

Call center:058-252-0580

Mga Dadalhin

- Kupon sa Pagpapabakuna :sealed-type (ito ay kasama sa ipapadalang paalala)
- Personal na Pagkakakilanlan (Drivers License, Health Insurance, atbp)
- Talatanungan para sa Pagpapabakuna



- ※ Bago magpabakuna alamin ang temperatura ng katawan. Kung sakaling nilalagnat at masama ang pakiramdam, iwasan ang pagpapabakuna at tawagan ang tanggapan ng lungsod o paggamutan kung saan ka nakapagpa-appointment.
- ※ Magsuot ng damit na madaling ilabas ang braso.
- ※ Para mas lalong maging mabisa ang bakuna, kailangang bakunahan ng parehong bakuna ng dalawang beses. Alamin kung kailan ang susunod na appointment para sa ikalawang bakuna pagkatapos matanggap ang unang bakuna.
- ※ Makakatanggap ng dalawang kupon sa pagpapabakuna at isang papel patunay ng pagpapabakuna. Huwag putulin at panatilihing dalhin ng buo ang lahat ng matatanggap na papel. Sagutan at dalhin din kasama ang talatanungan sa pagpapabakuna.